# Ang Sarili at Pagkakasarinlan Tungo sa Kaganapan at Dekolonisasyon ng Pilosopiyang Pilipino

**Justine Julian O. Inocando**
University of the Philippines – Los Baños | joinocando@up.edu.ph

**Abstract:** Pangunahing layunin ng papel na ito ang patunayan na mayroong konsepto ng sarili sa kamalayang Pilipino at gamitin ang pag-unawa rito sa pagtugon sa mga suliraning nakapalibot sa pilosopiyang Pilipino. Abala ang unang bahagi sa pagpapatibay ng pagkameron ng sarili at paglalahad ng depinisyon at mukha nito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan: "Mayroon bang Sarili?" at "Ano ang Sarili?" Nakatungtong ang pagpapatibay at paglalahad na ito sa metalinggwistikal na pagsusuri ni Leonardo Mercado at pagmumuni sa meron ni Roque Ferriols. Mapapansin sa paglalarawan sa sarili ang pagkamangha ni Mercado sa konsepto ng kasarinlan salungat sa kalayaan. Ang pagtuon ni Mercado sa kasarinlan ang tulay patungo sa pagsagot sa mga paratang sa pilosopiyang Pilipino. Sinasabi ni Noel Pariñas na imposible ang pagkakaroon ng pilosopiyang Pilipino habang naniniwala naman si Rolando Gripaldo na Kanluranin ito. Naging inspirasyon ng papel na ito ang "balangkas ng dekolonisasyon" ng peministang si Kelly Agra sa pagtugon sa dalawang suliraning inihayag ni Pariñas at Gripaldo. Kung kaya't ipinakikita ng papel na ito na mahahalagang sangkap ang ating pag-unawa sa sarili at kasarinlan sa pagpapasimula ng dekolonisasyon at maging sa pagbibigay kaganapan mismo sa kasarinlan. Higit sa lahat, pinalilitaw ng buong diskursong ito ang hindi napapansing kahalagahan at implikasyon ng pagsasaliksik tungkol sa sarili; kalakip nito ang hangad na mas marami pang mga palaisip at mag-aaral ang magtangka na sumisid sa mga hindi kilalang mga sangkap ng pilosopiyang Pilipino habang nakikilahok sa proseso ng dekolonisasyon ng Pilipinong kaisipan.

**Keywords:** *Filipino philosophy, sarili, kasarinlan, dekolonisasyon*

## Pambungad

Sa aking pagbabasa ng mga panitikan sa pilosopiyang Pilipino, dalawa ang napansin ko: una, napakaraming panitikan ang tungkol sa mga konsepto ng loob, sakop, at kapwa habang kakaunti ang pananaliksik tungkol sa sarili; at ikalawa, karamihan ng mga akdang isinulat ng mga Pilipinong palaisip ang gumagamit ng balangkas at pamamaraang kanluranin pero nakapaloob pa rin ang mga nasabing gawa sa kategoriya ng pilosopiyang Pilipino. Sa unang paningin, parang walang ugnayan ang dalawang ito. Kaya, layunin ng papel na: (a) patunayan na mayroong sarili; (b) ipakita kung ano ang sarili; (c) at gamitin ang ating pag-unawa ng sarili at kasarinlan sa pagsagot sa mga suliraning nakapaloob sa pilosopiyang Pilipino. Kaya, sa abot ng aking makakaya, nais kong bigyan kasagutan, sa una at ikalawang bahagi, ang dalawang tanong na ito: "Mayroon bang sarili?" at kung mayroon man, "Ano ang sarili?" Abala ang unang tanong sa pagka-meron ng sarili sa kamalayang Filipino at sinusubukan naman ng ikalawa na tukuyin ang depinisyon ng sarili at ilarawan ito. At mula sa kahulugan at paglalarawan kung ano ang sarili, hangad ko na maging patunay ito sa aking sagot sa unang tanong.

© TALISIK

Volume X, Issue no.1
ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC-ND

Dalawang balangkas at patakaran sa pamimilosopiya ang aking sisipiin sa pagsagot ng dalawang tanong. Una, ang metalinggwistikal na pagsusuri ni Leonardo Mercado, S.V.D. Ikalawa, ang metapisika ng pagmemeron ni Roque Ferriols, S.J. Sa aking pagbibigay ng kasagutan sa unang tanong, magkahiwalay kong gagamitin ang kanilang balangkas at patakaran. Ito naman ay aking sabay na gagamitin upang sagutin ang ikalawang tanong. Bubuksan ng huling bahagi ng aking papel ang dalawang problemang kinahaharap ng pilosopiyang Pilipino sa pananaw ni Noel Pariñas at Rolando Gripaldo. Susubukan kong sagutin ang kanilang mga paratang gamit ang iminumungkahing balangkas ng peministang si Kelly Agra sa pinakasimula kasabay ang pagpapahalaga ni Mercado sa konsepto ng sarili at kasarinlan.[1] Palalalimin at palalawakin ko ang bagong balangkas na ito gamit ang pilosopiya ni Roque Ferriols upang bigyang linaw ang kaganapan ng pilosopiyang Pilipino at papaano ito padadalisayin sa mukha ng suliraning kinahaharap ng Pilipinas bilang isang post-kolonyal na bansa. Ipakikita ko ang kahalagahan ng sarili at kasarinlan sa pagsasaganap ng pilosopiyang Pilipino.

Sa puntong ito, inaanyayahan ko ang mambabasa ng sanaysay na ito na bitawan muna ang iyong kasanayan sa pilosopiyang kanluranin. Susubukan natin, sa abot ng ating makakaya, na sumisid sa daigdig ng sarili at ng pilosopiyang Pilipino mula sa pananaw ng isang Silanganin.

## I. Mayroon bang Sarili?

*Ang Metalinggwistikal na Pagsusuri ng Sarili ni Leonardo Mercado*

Si Leonardo Mercado ang unang Pilipinong palaisip na nagsulat ng disertasyon at naglambag ng libro ukol sa mga Elemento ng Pilosopiyang Pilipino sa lapit ng pilosopiya at antropolohiya gamit ang lingwistika at penomenolohiya.[2] Sa ganitong konteksto, napakahalaga ng tanong na binuksan ni Mercado sa simula ng isang bahagi ng kaniyang sanaysay: "Kung wala tayong madalamuhat na batis sa pilosopiyang Pilipino, paano tayo magsasaliksik tungkol dito?"[3] Agad niyang sinagot na sa kaniyang palagay, isang mainam na batis ang napupuno sa kakulangan na kaniyang nabanggit. Magiging pangunahing metodolohiya ni Mercado ang pagsusuri ng wikang Filipino at ang ugnayan nito sa kultura at kamalayang Filipino, lalo ng Tagalog, Ilokano, at Bisaya, sa kaniyang pamimilosopiya.[4]

Ngunit bakit wika? Dahil para kay Mercado, sinsalamin ng wika ang isang pananaw-sa-mundo o *worldview*.[5] At ano ang pananaw-sa-mundo na ito? Isang pananaw-sa-mundo na holistiko: ang loob ay lumalabas;[6] ang tao ay binubuo ng katawan, kaluluwa, at hininga;[7] at ang sarili ay hindi hiwalay sa kaniyang pagkatao.[8] Mula sa ating pag-intindi sa kahulugan at pamamaraan natin ng paggamit sa ating

---

[1] Ang balangkas ni Kelly Agra ay nakatuon sa dekolonisasyon at paglalapat ng peminismo sa kritikal na teorya sa Pilipinas. Huhugutin ko lamang ang balangkas na iminumungkahi na nakasentro sa pagtakwil sa kanluraning balangkas. Kaya hindi gaano mahaba ang magiging talakayan dito lalo't hindi angkop ang buong balangkas sa aking layuning gawin.

[2] Romualdo Abulad, "Doing Philosophy in the Philippines towards a More Responsive Philosophy for the 21st Century," *Suri* 5, no. 1 (2015): 6, http://suri.pap73.org/issue6/Abulad_SURI_2016.pdf.

[3] Leonardo N. Mercado, *Essays on Filipino Philosophy* (Manila: Logos Publications, 2005), 30.

[4] Kung papansinin ang mga gawa ni Mercado mga sanaysay at akda, marami rito ang nagsisimula sa isang bahagi na pinamamagatang *metalinguistic analysis* dahil Ingles ang ginagamit ni Mercado na wika sa pagsusulat.

[5] Mercado, *Essays on Filipino Philosophy*, 30.

[6] Leonardo N. Mercado, *Elements of Filipino Philosophy* (Divine Word University Publications, 1974), 66, 70-71.

[7] Mercado, *Essays on Filipino Philosophy*, 37.

[8] Leonardo N. Mercado, *The Filipino Mind*, Cultural Heritage and Contemporary Change Series III, vol.8 (USA: The Council for Research in Values and Philosophy, 1994), 30.

© TALISIK

Volume X, Issue no.1
ISSN 2362-9452
BY-NC-ND

wika, mapapansin natin na mayroon itong galaw at katalagahang inihahayag na siyang nagpapatunay ng holistikong pananaw ni Mercado.

Kaya hindi nakagugulat pa na para kay Mercado, mayroong sarili sa kamalayang Pilipino dahil umiiral ang salitang ito sa ating wika. At dahil nahahanap ang sarili sa ating wika, natatanto natin na bahagi ito ng ating pananaw-sa-mundo lalo sa sari't sari nating paggamit nito upang tumukoy sa iba't ibang kondisyon ng pagiging sarili. Sa balangkas ni Mercado, at maging ng ibang palaisip, natatauhan tayo at lumalalim ang ating pag-unawa sa sarili sa ugnayan nito sa ibang konsepto sa kamalayang Filipino lalo't higit ng loob.

Mayroong tatlong mahahalagang konsepto sa pilosopiya ni Mercado na magkakaugnay lagi kapag pinaguusapan ang sarili: ang loob, sakop, at kapwa. Ang loob ay ang kaloobang lumalabas, at ang kabuuan ng sarili.[9] Ang katalagahan ng loob ay napapansin natin sa ating intelektwal, emosyunal, bolisyunal, at etikal na paggalaw.[10] Upang mas lalong maintindihan kung paano lumalabas ang loob sa intelektwal, emosyunal, bolisyunal, at etika na paggalaw, isinaayos ni Albert Alejo, S.J. ang mga paggalaw na tumutukoy sa loob ayon sa sa apat na dimensyong ito. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod: intelektwal - isaloob at saloobin; emosyunal - masama ang loob at buhay ang loob; bolisyunal - kusang loob at mula sa loob; at etikal - utang na loob at mababang loob.[11] Ang sakop naman ay tumutukoy sa pagtuon ng pansin ng mga Filipino sa pagiging bahagi ng isang pangkat - tulad ng pamilya, barkada, at kapitbahayan - kung saan ito matutukoy ng mga sarili bilang 'tayo.'[12] Kung kaya ang sakop din ay pook ng pakikipagkapwa sa ibang sarili.[13] Unang umusbong ang pagsusuri ng kapwa sa sikolohiyang Filipino ni Virgilio Enriquez na pinagtibay din ni Mercado sa kaniyang pilosopiya. Ayon kay Enriquez, ang kapwa ay pagkilala sa pakikibahagi ng kalooban ng ating sarili sa kalooban ng ibang sarili.[14] Ang kapwa ang mga hindi-ako na nakikipag-ugnayan sa atin at tayo sa kanila. Palalalimin pa natin ang ugnayan ng mga konspetong ito sa bahagi ng ating paglalarawan kung ano ba ang sarili.

*Ang Metapisika ng Pagmemeron ng Sarili ni Roque Ferriols*

Naiiba naman ang balangkas ni Ferriols kay Mercado. Kung si Mercado ang unang naglambag ng akda tungkol sa pilosopiyang Filipino, naging tanyag naman si Roque Ferriols sa pagsisimula niya ng pamimilosopiya sa wikang Filipino.[15] Kinikilala ang kaniyang akdang 'Pambungad sa Metapisika' bilang isa sa kaniyang pinakamahalagang gawa, lalo't dito lumitaw ang kaniyang pilosopiya ng pagmemeron. Sinimulan ni Ferriols ang pagpapakilala sa 'meron' sa pagpapakita kung paano gumagalaw ang isip.[16] Ang ating mga isip ay may: (a) laman; (b) at hangganan.[17] Ang bagay na iniisip ang laman at ang bagay na ito ay may hangganan. Kapag inisip ko ang plato, hindi baso o kutsara ang

---

[9] Leonardo N. Mercado, "Reflections on Buut-Loob-Nakem," *Philippine Studies* 20, no. 4 (1972): 598, https://www.jstor.org/stable/42634841.

[10] Mercado, *The Filipino Mind*, 33.

[11] Albert Alejo, *Tao Po! Tuloy!: Isang Landas Ng Pag-Unawa Sa Loob Ng Tao* (Ateneo de Manila University Press, 2015), 30-32, E-book.

[12] Mercado, *Elements of Filipino Philosophy*, 100.

[13] Mercado, *Essays on Filipino Philosophy*, 37.

[14] quoted in Mercado, *Essays on Filipino Philosophy*, 69.

[15] Paterno R. Esmaquel II, "Father Roque Ferriols, Pioneer of Philosophy in Filipino, Dies at 96," *Rappler*, last modified February 25, 2022, https://www.rappler.com/nation/jesuit-priest-father-roque-ferriols-dies-august-15-2021/.

[16] Jacklyn A. Cleofas, "Konsepto at Pag-Asa Ayon Kay Ferriols," *Perspectives in the Arts and Humanities Asia* 5, no. 1, (2015): 22, doi:10.13185/ap2015.05102.

[17] Roque Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press - BlueBooks, 2014), 1.

© TALISIK

ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC-ND

magmemeron sa aking isipan, kundi tanging plato. At habang nadadagdagan ang mga salitang tumutukoy sa bagay na nasa isip, lalong kumikitid ang hangganang ito.[18] Kapag inisip ko ang platong yari sa kahoy, kumikitid lalo ang kategoriya na nagmemeron sa aking isipan dahil hindi na hinahayaan ng aking isipan na maisip ang mga hindi-plato at maging ang mga hindi-platong-kahoy.

Natatauhan tayo ng ganitong pagpansin sa mga bagay na yaon at mga bagay na hindi yaon kung kaya alam natin at naiisip pa rin ang ako at ang salungat nito, ang hindi-ako.[19] At namamalayan din natin na ang nag-iisip na ito ay *ako*. At maaaring makapag-isip o makapag-imbento ang *akong* ito na nag-iisip ng maraming konsepto na maaaring malawak ang hangganan, pero magbabago ito kapag tinanong na natin: "Meron ba?"[20] Halimbawa, may kakayahan ang aking isip na makabuo ng isang imahe ng Pegaraw bilang isang nilalang. Maaaring iguhit ko pa ito o maglilok ng eskultura nito. Pero kapag tinanong ko na, "Meron bang Pegaraw?" napapaisip ako kung meron nga ba, kung umiiral ba ito sa mundo. Matatagpuan ng akong-nag-iisip ang kaniyang sarili na kaharap ang wala at meron.

Tumutukoy ang 'meron' sa mga bagay na may talagang pag-iral.[21] Kapag binibigkas ng isang nag-iisip ang meron, hindi na lamang ito konsepto na laman ng isipan, kung 'di pagbigkas ng "isang talagang umiiral, talagang meron at nagmemeron."[22] Purong kaisipan ang konsepto habang nakatapak sa katalagahan ang meron.[23] Mapapansin natin sa puntong ito na sa pagmemeron ni Ferriols, mayroong ako na nag-iisip at nakabubuo ng mga konsepto sa kaniyang isipan. At kapag binigkas niya na ang laman ng kaniyang isipan, tumutukoy na ito sa talagang nangyayari na namumulatan niyang nagmemeron ayon sa kaniyang pagdanas, pagmasid, at pagkilatis.

Ibinubuod ni de Leon ang Pamamaraang Pilosopikal ni Ferriols sa tatlong salita na bumubuo sa isang patakaran: danas-masid-kilatis.[24] Malinaw sa mga sulat ni Ferriols ang sinasabi ni de Leon na ang pagbabad sa karanasan ang pinakamahalaga. Hindi na kailangan ng kumplikadong pagpapatotoo dito dahil sa unang pahatid pa lamang ng kaniyang aklat, sinabi na ni Ferriols, "Lundagin mo beybe!"[25] Hamon ni Ferriols sa atin ang isapraktika ang nauunawaan, ang magmasid sa mundo, ang danasin ang meron, at ang pagkilatis sa lahat ng ito. Sa patakaran ni Ferriols, kailangan umangkop ang konsepto sa meron.[26] Kailangan ng ako na nag-iisip na makiisa sa meron sa pamamagitan ng paggawa at pagdanas ng kaniyang nauunawaan. Maging malinaw rin sana na hindi sinasabi na ang konsepto, laman ng isip, o pag-unawa ay nagsisimula sa purong konsepto. Napakahalaga para sa papel na ito na maging malinaw na sa balangkas ni Ferriols, ang mga laman ng isip na ating pilit na inuunawa ay hindi lamang basta inaangkop sa karanasan. Nalalaman rin natin na ang mga laman ng ating isip ay sumisibol at nagmumulat buhat ng pagdanas natin sa mundo na ating kailangang kilatisin upang malaman kung ito ay umaangkop sa meron.

---

18 Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 2.

19 Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 3.

20 Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 4.

21 Bagama't sinasabi nating impormal ang meron, sa loob ng pilosopiya at balangkas ni Roque Ferriols, S.J., ang maigsing pormang ito ang kaniyang ginamit kaysa sa mahabang "mayroon.": Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 5.

22 Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 5.

23 Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 6.

24 Emmanuel De Leon, "Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya Ni Roque J. Ferriols, S.J.: Tungo Sa Isang Kritikal Na Pamimilosopiyang Filipino," *Kritike* 9, no. 2 (December 2015): 41, doi:10.25138/9.2.a.3.

25 Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, x.

26 Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 112.

© TALISIK

Volume X, Issue no.1
ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC-ND

Oo, para kay Ferriols, mayroong sarili. Ang sarili ay nagmemeron. Nagsisimula ito nang matauhan ang nag-iisip na siya ay isang ako. Namumulat siya na hindi siya isang bagay na "maaaring ituro" dahil nagigising siya sa kamalayan na siya ay nasa loob ng tao.[27] Maaaring itanggi ng isang ako sa kaniyang isip na siy ay isang sarili pero di niya pa rin maiwasang mamasid at maranasan ang pagiging sarili. Sinasabi natin kanina na maaaring maglaho ang konsepto kapag hindi ito umangkop sa meron. Ngunit kahit gaano natin itaboy ang paniniwala na may sarili, hindi tayo makawala sa pagmemeron nito, sa nakagugulat na dahas ng pagmulat nito sa atin na siya ay meron. Madaling itakwil ang wala ngunit hindi natin matatakasan ang meron na nagmemeron. Bilang ganito ang ating nararanasan, ang ating tanging magagawa ay yakapin ang katotohanan na ako nga ay aking sarili. Merong sarili.

Mula sa dalawang Pilipinong pantas na ito, nasagot na natin ang unang tanong: Oo, mayroong sarili. Bagama't alam na natin ngayon na mayroong sarili, malabo pa rin kung ano ito at papaano ito nagmemeron sa ating wika, karanasan, at kamalayan.

## II. Ano ang Sarili?

*Ang parallelismo ng Kanin at Sarili sa ating gagamiting Pilosopikal na Paraan*

Sisimulan ko ang bahaging ito sa ilang paglilinaw bago tumungo sa paghahanap sa kung ano ang sarili. Una, hindi ako sumasang-ayon kay Mercado na katumbas ng sarili ang kanluraning *self*. Isang kabalintunaan ang ganitong pagtingin ni Mercado. Katulad ni Alejo, hindi ko maintindihan ang mga pagkakataon na itinatapat o itinutunggali ni Mercado ang mga konseptong Filipino sa kanluraning pag-iisip kung siya mismo ang nagsabi na holistiko ang pag-iisip ng silangan samantalang komparmentalisado ang pag-iisip ng kanluran.[28] Sa ganitong diwa, hindi ko ihahambing kailanman sa mga susunod na talata ang sarili sa *self*.

Ikalawa, magmumula pa rin sa dalawang pantas na aking sinuri kanina ang balangkas na aking gagamitin sa bahaging ito upang tukuyin at ilarawan kung ano ang sarili. At sa aking palagay, nagkakasundo ang kanilang sari-sariling pamamaraan sa pamimilosopiya. Paborito kong halimbawa ang kanin sa pagpapatotoo ng pagkakasundo ng metalinggwistikal na pagsusuri ni Mercado at ang pagmemeron ni Ferriols. Sa Filipino, iba't iba ang tumutukoy sa kanin depende sa estado nito. Ang hindi pa nababayong bigas ay "palay". Ang hindi pa lutong kanin ay "bigas". Ang lutong bigas ay kanin. Ang kanin na sunog ay "tutong". Ang hindi naubos na kanin na inihain sa susunod na araw ay "bahaw". Ang kanin o bahaw na iginisa at iprinito ay "sinangag". At ang panghimagas na gawa sa kanin naman ay "kakanin". Di tulad sa kanluran, marami tayong salita na tumutukoy sa kanin. Sa patakaran ni Mercado, sumasalamin sa ating pananaw-sa-mundo na maaaring hinulma ng ating kasaysayan at kultura bilang isang agrikultural na lipunan ang pag-iral ng mga salitang ito. Sa patakaran naman ni Ferriols, tumutugma sa ating karanasan ang ating pagbigkas na ito. Nararanasan natin ang iba't ibang estado ng kanin sa ating pang-araw-araw na buhay. At sa ating pagdanas nito, namumulat tayo sa pangangailangan na mabigkas ito. Nagmemeron ang palay, bigas, kanin, bahaw, sinangag, at kakanin.

Sa aking pagmumuni, may pagkakapareho ang kalagayan ng ating wika at konsepto ng kanin sa kalagayan ng ating wika at konsepto ng sarili. Madami tayong salita na tumutukoy sa sarili na naaayon sa konteksto ng paggamit nito o sa ating pagdanas dito. At kapag tinignan natin ang mga salitang ito

[27] Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 155.
[28] Alejo, *Pag-Unawa Sa Loob Ng Tao*, 32-33.

© TALISIK

ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC-ND

bilang kabuuan ng sarili: nalalaman natin ang isang bahagi ng ating pananaw-sa-mundo, at natatanto na meron tayong sarili dahil harap-harapan itong nagmemeron sa atin.

## Ang mga Kategoriya ng Sarili

Sa kaniyang metalinggwistikal na pagsusuri ng sarili, ipinakita ni Mercado na sa ating wika mayroong iba't ibang paggamit ng salitang sarili: ang sarili bilang sarili, ang sarili bilang pagpapahayag ng kalayaan, at ang sarili bilang pagpapahayag ng pagmamay-ari.[29] Sa katunayan, apat ang mga inilista niyang paggamit pero tumututol ako sa panghuli dahil inamin rin naman ni Mercado na walang konsepto ng *privacy* sa kultura at kamalayang Pilipino. Wala tayong konsepto ng *privacy* dahil makikita natin mamaya na ang sarili ay nakikipag-ugnay lagi sa sarili at sa kapwa lalo kung titignan ang sarili bilang loob. Sa aking palagay, sakop na rin ng pagmamay-ari ang mga salitang inilagay niya sa ilalim ng larang na ito.

| **Sarili bilang Sarili** | **Sarili at Kalayaan** | **Sarili at Pagmamay-ari** |
|---|---|---|
| Sa sarili | Sariling pag-iisip | Sariling bayan |
| Aking sarili | Sariling paraan | Nasa sariling papamumuhay |
| Sarili ko | Magsarili | Pansariling kapakanan |
| Iyong sarili | Kasarinlan | Sariling atin |
| Makasarili | Tiwala sa sarili | Magkasarili |
| Nanawala sa sarili | Sariling Sikap | Sarilinan |
| Paghahalaga sa sarili | Kaya ang sarili | Sariling gamit |
| Paggalang sa sarili | | Walang sariling (gamit) |
| Pagmamahal sa sarili | | |

### *Ang Sarili bilang Sarili*

Sa sarili bilang sarili, makikita natin na iba ang ating pag-unawa sa sarili kapag tayo ay nag-iisa kumpara sa sarili kapag may sangkot na kapwa. Sa presensya ng kapwa, maaaring kilalanin ng isang sarili ang isa pang sarili kaya nasasambit natin ang mga pararilang, 'iyong sarili,' 'kanyang sarili,' at 'sarili niya.'[30] Sinasabi ni Mercado na hindi nakatuon ang sarili sa tao kung 'di sa kaniyang pagkatao. Kaya nga natatanyagan natin ang mga salitang 'makasarili' o 'nanawala sa sarili' kapag napapansin natin na ito ang kanilang sarili na ibinubunyag ng kanilang mga ginagawa at sinasabi.

Sa aspetong ito lumilitaw ang ugnayan ng sarili sa loob, sakop, at kapwa. Sa isang banda, bahagi ng sakop tulad ng bansa, komunidad, at pamilya ang sarili. At dito siya nakikipagkapwa sa iba pang

[29] Mercado, *The Filipino Mind*, 30.
[30] Mercado, *The Filipino Mind*, 30.

© TALISIK

BY-NC-ND

mga sarili na sakop din. Ngunit isang sakop ang sarili rin. Sakop ng sarili ang loob.[31] Mas malawak ang sarili kaysa sa loob pero ang loob ang kabuuan ng sarili. Inuulit natin na holistiko o buo ang pananaw-sa-mundo ng mga Pilipino. Sa loob ng sarili ay ang kaniyang loob. Hindi siya nahihiwalay sa kaniyang loob, ni hindi nagiging "labas" ang sarili sa ugnayang ito. Gayunman, gumagalaw ang loob palabas kaya nailalarawan natin ang mga sarili ayon sa loob na nagbubunyag. Sinasabi natin na "may utang na loob" ang mga sariling ginawan ng mabuti ng kapwang sarili na may "mabuting kalooban." Sabay na nagmemeron ang sarili at loob - ito ang kanilang buo at hindi nababaling ugnayan.

Mapapansin natin ngayon na may paggalaw sa sarili. Kaya nga kay Ferriols, ang sarili ay "isang kinagagalawan at gumagalaw na palaging nararanasan."[32] Ang sarili ang kinagagalawan ng loob at gumagalaw ang sarili sa mundong kaniyang minemeronan. Sabi ni Ferriols, maihahambing ang sarili sa hangin - umiiral kahit saan, gumagalaw at nararanasan, ngunit hindi pinapansin.[33] Kailan man, hindi nawawala ang ating pagkasarili, iba't ibang paraan natin ito nararanasan pero kalimitang hindi natin napapansin ang paggalaw ng sarili maging ang pagiging sarili. Sa ganitong diwa, ang sarili rin ay abot-tanaw.[34] Ang sarili ang sukatan ng abot na ating natatanaw na kalawakan, na meron. Ang sarili ang nagbibigkas ng meron. Ang mga natatanging meron lang ang kaniyang nabibigkas na hangganan ng natatanaw na meron. Hindi kayang tignan ang lumalagpas sa abot-tanaw, maaari lang makita ang natatanaw na meron ngunit hindi ibig sabihin nito ay 'wala.' Hindi man natin kayang makita ang sarili, nadadanasan pa rin natin ang pagiging meron-ako, ang pagiging sarili. Sa dulo, ihahambing ni Ferriols ang sarili sa sentro - ang punto ng ugnayan. Nagmumula sa sarili at patungo rin sa sarili at dumidiretso sa loob ng sarili ang lahat ng ating karanasan, nadarama, at galaw. Sa loob ng sarili nagmumula ang lahat ng aking pagpapasya at paggalaw sa daigdig. Ito rin ang tumatanggap ng lahat ng aking nararanasan at bunga ng aking pagpapasya at paggalaw bilang sarili.

Nabibigkas natin ang sarili. Maliban sa salita na bahagi ng ating wika na nagpapahayag ng ating pananaw-sa-mundo, nagmemeron ang sarili sa kaniyang paggalaw bilang loob at bilang sentro ng pagpapasya, pagtugon, at pagdanas. Sa pagmemerong ito, ating nalalaman ang pagkatao ng isang sarili.

*Ang Sarili bilang Kalayaan*

Ang sarili ay pahayag ng kalayaan na inihahayag ng mga salitang 'sariling pag-iisip,' 'sariling paraan,' 'magsarili,' 'tiwala sa sarili,' at 'sariling sikap.'[35] May paggalaw ang mga salita. Kinikilala rin nila ang kakayahan ng sarili na kumilos na hindi dinidiktahan o maging tinutulak ng ibang sarili. Mayroong kalayaang tinatangan ang sariling may kakayanang mag-pasya at mag-isip. Mahalaga ang pagkilalang ito para sa bawat sarili upang masiguro na ginagalang din ang kalayaan ng ibabilang mga sariling nakakapagpasya at nakakapag-isip.

Ang pagpasya na malayin at yakapin ang sarili ay pahayag ng kalayaan.[36] Magandang balikan na ang sarili ay: (a) parang hangin na gumagalaw ngunit hindi natutuonan ng pansin; (b) at hindi maiwasang natatanto ng akong nag-iisip. Maaring sabihin na malaya pa ba ang tao kung hindi siya makawala sa pagiging sarili? Sa aking palagay, hindi ito ang sukatan. Natatagpuan ang kalayaan ng sarili sa pagkamulat ng pagiging sarili. Hindi napapansin ng isang nag-iisip, maging ng isang pilosopo ang

[31] Mercado, *The Filipino Mind*, 30.
[32] Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 155.
[33] Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 157.
[34] Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 157.
[35] Mercado, *The Filipino Mind*, 30.
[36] Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 157.


(cc) BY-NC-ND

kaniyang pagiging sarili - kaya nga wala masyadong panitikan tungkol sa sarili. Wala ring tao na direktang magsasabi sa iyo na "Ikaw ay sarili!" katulad ng walang nagdidikta sayo kung ano ang dapat gawin mo. Ngunit malaya mong natatagpuan ang katotohan ng pagiging sarili nang mag-isa kahit pa nakikipag-ugnayan ka sa iyong kapwa. Kayang kaya mong itanggi ang pagiging sarili pero ang kalayaan mo na na makapag-isip at kumilatis ng iyong pagdanas ang nagdadala saiyo para tanggapin na ikaw ay isang sarili.

Katulad ni Mercado, nais kong pagtuonan ng pansin ang isang salitang nagpapahayag ng rurok ng kalayaang ng sarili: ang kasarinlan. Sa maikling pagpapalagom ng kasarinlan ni Mercado, ipinakita niya ang pagkakaiba ng kasarinlan at kalayaan mula sa hinuha niyang paggamit ni Aguinaldo at Bonifacio. Ang paggamit ni Aguinaldo ng kalayaan ay nangangahulugang pagkalaya mula sa kahit anong panlabas na kapangyarihan. Ang paggamit naman ni Bonfiacio ng kasarinlan ay nagpapahiwatig ng pagkalaya sa panlabas na kapangyarihan at ang kakayahang tumayo bilang sarili. Ang pagkakaroon ng kasarinlan ay kalagayan ng pagiging malaya. Subali't hindi ibig sabihin na malaya ang isang tao ay nagkakaroon na rin siya ng kasarinlan. Nasa diwa ng pagiging sarili ang kaibuturan ng kasarinlan.

*Ang Sarili at Pagmamay-ari*

Nagpapahayag din ng pagmamay-ari ang sarili. Kapag sinabi nating 'sariling bayan,' mayroong nagaganap na pag-angkin sa sakop na ito.[37] Para kay Mercado, kapag sinabi nating 'sariling gamit,' at 'sariling pera' sinasaad nito na sakop natin ang mga bagay na ito at parehong patungo at bahagi ng sarili. Hindi man kapansin-pansin, ang pagmamay-ari ay sakop ng sarili, at bahagi ng sarili ang pagmamay-ari. Kaya nga kapag pinuna natin ang pagmamay-ari ng isang tao, tulad ng kaniyang damit o maging ng kaniyang sakop na bayan, pinupuna din natin ang taong nagmamay-ari.[38]

Ang sariling nagpapahayag ng pagmamay-ari rin ay nagpapakita ng pagkatangi sa kapwa at pagkakaugnay sa kapwa. Ang mga salitang 'nasa sariling pamumuhay,' at 'pansariling kapakanan' ay lumalarawan sa kalagayan at kilos ng sarili habang ang pariralang 'sariling atin' ay sumasamo sa pag-angkin ng sarili bilang bahagi ng sankop. Napapansin ngayon kung paanong mayroong panarili at panlipunang dimensyon ang sarili na, muli, ay hindi hiwalay ngunit ay sabay na nagmemeron sa ating araw-araw na paggalaw, pagdanas, at pakikipagkapwa, kaya nga "walang taong nabuhuhay para sa sarili lamang." Ang pagmamay-ari ay bahagi ng sarili, ang sarili ay bahagi ng sakop, sa sakop ay nakikipagkapwa ang sarili sa mga kapwa sarili. Sa ganitong diwa, sabihin man natin na nakapag-iisa ang sarili o mayroon siyang sariling buhay at pagmamay-ari, hindi kailanaman mahihiwalay ang sarili sa kaniyang kapwa, sa kaniyang sakop. Lagi't laging bahagi ang sarili ng isang sakop at ang lahat ng kaniyang paggalaw ay isang pakikipagkapwa sa iba, sa kapwa, at maging sa sarili.

Sa ating abot-kaya, sinubukan nating bigyan ng malinaw na anyo at mukha ang sarili sa diwa ng kasarinlan. Mula rito ay tatangkain nating ipagtanggol ang pilosopiyang atin gamit ang ating kakarampot na pag-unawa sa ating sarili lalo sa usapin ng pagkamit ng kasarinlan.

---

37 Mercado, *The Filipino Mind*, 30.

38 Mercado, *The Filipino Mind*, 31.

© TALISIK

ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC-ND

## Ang Implikasyon ng Sarili at Kasarinlan sa Pilosopiyang Pilipino

*Sabi nung isa, walang pilosopiyang Pilipino habang yung isa, kanluranin daw ito*

Sa isang papel ni Noel Pariñas, ikinatwiran niya na walang pilosopiyang Pilipino at tahasang ipinahayag na imposibleng magkaroon ng pilosopiyang Pilipino gamit ang lapit ng lohika.[39] Una, hindi raw maitatanggi na simula't sapul Griyego na ang Pilosopiya mula sa etimolohiya pa lamang nito at kasaysayan. Hindi lamang kanluranin, ngunit likas na Griyego ang Pilosopiya kung kaya't maging ang pilosopiyang Instik, pilosopiyang Indiyano, at kahit anong pilosopiyang Silanganin ay hindi matatanggap bilang tunay na pilosopiya. Ikalawa, kahit pa na Filipino ang wikang gamitin o Pilipino ang namimilosopiya, hindi ito magiging sapat na basehan para masabing mayroong pilosopiyang Pilipino dahil kadudaduda raw ang pagsamo sa pagsasalin o pagkamamamayanan bilang batayan. Sa katunayan, mayroon pa siyang pangatlong dahilan na inilatag na nakapako sa mga kategorya ng katutubong Pilipino ngunit malabo kung ano ang tinutukoy niyang mga kategorya o klase. Bagaman walang pilosopiyang Pilipino, hindi itinatanggi ni Pariñas na mayroong pilosopong Pilipino. Sa aking pagbabasa ng papel ni Pariñas, isang pagtanto ang nanaig sa aking isip: litaw na litaw ang bakas ng pagkiling sa Kanluraning pag-iisip.

Habang sa artikulo naman ni Rolando Gripaldo, mayroon siyang dalawang argumento na pinunto: kanluranin ang tradisyon ng pilosopiyang Pilipino at nakatingin sa kanluran ang oryentasyon ng pamimilosopiyang Pilipino.[40] Nadalumat ang una mula sa kasaysayan. Paglalarawan ang sumunod sa nananaig na pilosopikal na paraan ng mga Pilipinong pantas. Sinubukan ni Gripaldo na tuntunin ang simulain ng pilosopiyang Pilipino na sinasabi niyang sumibol noong Panahon ng Pagkamulat sa katauhan ng ating mga ilustrado.[41] Malaki ang impluwensya ng kolonyalismo sa ating mga Pilipino sa halos lahat ng aspeto at napakarami nang mga pag-aaral ang nagpatunay nito. Hindi na nakagugulat, mula palang sa ating kasaysayan, kung paanong tigib ng Kanluraning konsepto at pamamaraan ang pilosopiyang Pilipino.

Dalawang problema sa kaganapan at kaanyuan ng pilosopiyang Pilipino ang binubuksan ni Pariñas at Gripaldo: ang ka-imposiblehan ng pilosopiyang Pilipino at ang pagkabanyaga nito.

*Ang Patakaran ng Critical Unweaving at Reparative Reweaving*

Bilang isang post-kolonyal na bansa, mayroong hamon sa atin ngayon, lalo sa larangang intelektwal.[42] Ito ang sumailalim, makiisa, at maging masigasig na bahagi ng proseso ng dekolonisasyon na nagsimula noong umusbong ang pagsasa-Filipino ng kasaysayan, pilosopiya, sikolohiya, at antropolohiya.[43] Mungkahi ni Kelly Agra na may dalawang hakbang sa dekolonisasyon ng kritikal na teorya: ang *critical unweaving* at *reparative reweaving*. Nakatuon ang unang hakbang sa paniniwala ni Agra na kabilang sa pagpapatuloy ng proseso ng dekolonisasyon ang paglalantad na hindi epektibo ang

---

[39] Noel Parinas, "Filipino Philosophy?," *Academia Letters* (2021): 2-3, doi:10.20935/al422.

[40] Rolando Gripaldo, *Filipino Philosophy: A Western Tradition in an Eastern Setting*, *The Making of a Filipino Philosopher and Other Essays* (Manila: National Book Store, 2008), 7.

[41] Gripaldo, *Filipino Philosophy*, 7.

[42] Bilang dating kolonya ng Espanya at Estado Unidos ang Pilipinas, kabilang tayo sa mga lupon na mga bansa na tinatawag na post-kolonyal matapos natin makamtan ang ating kalayaan mula sa mga mananakop na kanluranin.

[43] Kelly Agra, "Critical Theory and the Philippine Condition: A Decolonial and Feminist Contention," *Brown Transgressions*, June 8, 2023, https://www.browntransgressions.com/post/critical-theory-and-the-philippine-condition-a-decolonial-and-feminist-contention; Ayon kay Emerita Quito, ang dekolonisasyon ang "pagkalas sa kalinangan ng mga kongkistador" (quoted in Abenes & Mahaguay 2017, 19).

© TALISIK

Volume X, Issue no.1
ISSN 2362-9452
BY-NC-ND

paraan ng pag-iisip ng Kanluran upang angkop na tugunan ang mga suliranin ng Timog Silangan.[44] Ang pananatili ng mga kapangyarihang kolonyal ay pagpapatuloy ng hegemonya at panunupil sa Silangan. Bahagi ang pagsisiwalat sa hakbang upang kumalas sa hinabing kolonyal na kapangyarihan. Kasabay ng pagkakalag sa unang hakbang, abala ang ikalawang hakbang sa pagpapanibagong-tatag ng bago at pagpapatibay ng iba pang paraan ng pag-iisip at pagsusuri. Sa hakbang na ito, isinasalba at malikhaing pinagbabagong-anyo ang ilang aspeto ng mga "konsepto, kategoriya, at balangkas" na maaaring maging mapagpalaya. Sa pamamagitan nito, magmumula, makatutugon, at makauugnay sa lokal na karanasan at katalagahan ang ating mga paraan ng pag-iisip at pagsusuri.[45] Kalaunan, dadalhin ni Agra ang dalawang hakbang na ito sa isang kritikal na dayalogo sa interseksyonal na peministang pagsusuri upang mapalawak ang maabot nito at itutuuon ang pansin sa mga konteksto.

Ang balangkas ng dalawang hakbang sa dekolonisasyon ng krikital na teorya ni Agra ang aking gagamitin upang pagtibayin ang kaganapan ng pilosopiyang Pilipino kaugnay ang nagtatagpong implikasyon ng kasarinlan at dekolonisasyon.

*Pagkamit ng Kasarinlan sa pamamagitan ng Dekolonisasyon tungo sa kaganapan ng Pilosopiyang Pilipino*

Dahil post-kolonyal ang Pilipinas, masasabing malaya na ito dahil walang panlabas na puwersang nananakop dito. Ngunit parang mahirap sabihin na nakamit na natin ang kasarinlan lalo't pauli-ulit nating naririnig na malaking hamon sa ating pag-unlad ang pangingibabaw ng kolonyal na mentalidad. Nakikita natin ang pamamalagi ng mga bakas at ibang porma ng kolonisasyon at imperyalismo tulad ng hegemonya ng ideolohiyang neoliberal na litaw sa paraan ng pagkilos sa ating ekonomiya, politika, at edukasyon.[46] Dahil sa epekto ng hegemonyang ito sa edukasyon, dominante sa mga disiplina sa akademya ang mga paksa at balangkas na Kanluranin.

Ito ang katunayan na hindi pa natin nakakamit ang kasarinlan. Ang kalagayan ng kasarinlan na aking isinusulong sa papel na ito ay ang kakayahang tumayo sa sariling paa nang hindi purong umaasa sa patakaran, balangkas, at konsepto na hindi-Pilipino. Nakakonteksto ang pilosopikal na kasarinlang ito sa kalagayan ng Pilosopiyang Pilipino na naunang inilarawan. Hindi maipagkakaila na mayroong kahirapan ang adhikaing ito dahil maging ang pagsambit sa mga salitang Pilipinas at Pilipino ay may kalakip na pag-aninag sa kolonyalismo. Kaya, ang proseso ng dekolonisasyon at pagkamit ng ganap na kasarinlan ay hakbang upang magkaganapan ang pilosopiyang Pilipino.

Totoo ang sinasabi ni Pariñas na hindi puwedeng sabihin na mayroong pilosopiyang Pilipino dahil lamang Filipino ang ginagamit na wika. Maari din namang wikang Filipino ang ginagamit sa pamimilosopiya pero kanluranin ang balangkas. Subali't maaangkin natin na atin ang wikang Filipino. Nagtatagpo ang sinasabi ni Mercado na salamin ng pananaw-sa-mundo ang wika sa sinasabi ni Rodriguez na nagbibigay ng bagong pananaw ang paggamit ng wikang Filipino sa mga problema at paksa ng pilosopiya.[47] Isang paraan ang paggamit ng wikang Filipino sa pagkamit ng kasarinlan at maging sa dekolonisasyon ng ating isip.

---

[44] Agra, "A Decolonial and Feminist Contention."

[45] Agra, "A Decolonial and Feminist Contention."

[46] Rohaiba B. Radiamoda. "Understanding Corruption In Education In A Neoliberal World: The Case Of The Philippines." *Interaktif : Jurnal Ilmu-Ilmu Sosial* 10, no. 2 (December 25, 2018): 230–46. https://interaktif.ub.ac.id/index.php/interaktif/article/download/183/172.

[47] Mercado, *Essays on Filipino Philosophy*, 30; Emmanuel De Leon, "Ang Diskurso Ng Katarungan Ayon Kay Agustin Martin Rodriguez," *Kritike* 8, no. 2 (December 2014): 236, doi:10.25138/8.2.b.1.

© TALISIK

BY-NC-ND

Tunay din naman na hindi dahil Pilipino ang nag-iisip mayroon nang pilosopiyang Pilipino agad. Ngunit, katulad ng isinasambit ng balangkas ni Agra, hindi maitatanggi na naiiba ang konteksto, karanasan, at pinanggagalingan ng isang Pilipino laban sa mga banyagang palaisip. Nakapagaambag ang isang Pilipino sa diskurso na katangi-tangi kung ikukumpara sa ibang mga inilalatag na haka o muni ng mga banyaga. Ang kakayahan ng Pilipino na makilahok sa mga diskurso na hindi hinahadlangan ng kahit anong impluwensya o patakaran ay mahalagang pahiwatig ng kasarinlan. Pagtapak din ito ng Pilipinong palaisip paharap upang makaalis sa anino ng mga mananakop upang patuloy na bumuo ng kamalayan na may kasarinlan.

Kung atin namang pag-uusapan ang argumento na hindi katangga-tanggap ang mga kategoriya o klaseng katutubo bilang patunay na mayroong pilosopiyang Pilipino, nililimot nito ang mga katutubong pagpapahalaga at konsepto na nasa kamalayang Pilipino. Kabilang dito ang ating kamalayan sa loob, kapwa, sakop, at sarili. Mayroon tayong mga sariling mayayamang batis ng mga paksa at konsepto na magagamit bilang tuntungan sa pagpapasimula ng pilosopiyang Pilipino. Atin ang mga ito at mula sa mga ito ay kaya natin bumuo ng ating sariling patakaran at pamamaraan kung paano sila payayamanin at palalawakin.

Tama si Gripaldo noong sinabi niyang kanluranin ang simulain at patuloy na kanluranin ang pilosopiyang Pilipino. Ang lahat ng aking palaisip na binanggit sa papel na ito ay sumipi rin sa maraming banyagang pilosopo. Mahalaga rin ang pakikipagdayalogo sa Iba. Ngunit hindi puwedeng itanggi ng kahit sinuman na walang katang-tangi sa kamalayan at pamimilosopiya ng mga Pilipino. Kaya tama pa rin ang paninindigan ni Gripaldo na kahit pa kanluranin ang oryentasyon ng mga palaisip, maaari pa rin silang maging bahagi ng pilosopiyang Pilipino dahil nakatapak sila sa kanilang kalagayan bilang kolonisado. Subali't, hindi na kolonya ang Pilipinas kaya nararapat lamang na sikapin nating magkaroon ng kakayahang tumindig na may lakas ng loob na bigkasin ang meron na nagmumula sa ating sariling kamalayan at karanasan. Sa kabila ng ating pagbabad sa kanluraning patakaran at balangkas, sinusubukan pa rin nating ipagpabagong-tatag ang mga ito mula at nagkatutugon sa ating sariling karanasan at pagmamalay.

Paano natin tutugunan ngayon ang pananaw ni Pariñas na walang pilosopiyang Pilipino dahil likas na kanluranin at Griyego ito? Maaari tayong tumugon na may paggigiit na kanluranin ang ganitong pag-iisip at hindi umaangkop sa pamamaraan at pananaw ng mga Silanganin. Bakit kanluran ang magdidikta kung ano ang maituturing na pilosopiya? Ang masigasig na dekolonisasyon ngayon ay pagkakataon natin na bawiin mula sa mga banyaga ang ating kamalayan upang ang ating paningin ay magmula sa ating sariling pagmamalay. Pagbawi ito ng ating kasarinlan, paanyaya ito na maging sarili.

Inuulit ko na kanluranin ang pagtingin na hindi kailanman maaaring tanggapin ang pilosopiyang Pilipino bilang ganap at totoo. Si Ferriols na ang nagpahayag na "ang pilosopiya ay ginagawa" sa patakaran at pamamaraan ng pilosopiyang Pilipino.[48] Pinaninindigan nito ang holistikong pananaw na sinasabi ni Mercado dahil sa ganitong pagtingin sa pilosopiya, magkasamang gumagalaw ang teorya at pagsasapraktika - sabay at hindi hiwalay. Pinagtitibay ng mga pananaw na ito kung paano ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng dekolonisasyon sa pilosopiya at kamalayang Pilipino. Patunay ito ng ating kaibahan at ang ating kaibahan ay daan patungo sa pagkakasarinlan. Mula dito uusbong ang pilosopiyang Pilipino.

[48] Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, ix.

© TALISIK

Volume X, Issue no.1
ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC-ND

Ang pagkahinog ng mga sariling pamamaraan at kasangkapan ang sukatan ni Gripaldo ng pagkameron ng pilosopiyang Pilipino.[49] Hindi ito imposibleng gawain, sabi ni Ferriols, ang kailangan lang daw gawin ay mamilosopiya nang mamilosopiya dahil walang pilosopiyang umusbong nang sapilitan kung 'di aksidente lamang.[50] Mas mahalaga ang pagpapanday at pagpapadalisay ng tanong at proseso sa ngayon, hayaan nating lumitaw nalang ang masasabing pilosopiyang Pilipino. At lakip din nito ang hamong inilalarawan sa atin ni Agra na kapansin-pansin ang pagkaangkop nito sa ating pagtugon kay Pariñas at Gripaldo: ang sitahin at kalagin ang pananaig ng iba't ibang mukha ng kolonisasyon at pagpanibagong-tatagin ang mga bahagi nito na mula at makatutugon sa ating kalagayan at karanasan. Hindi natin alam kung kailan. Ang tiyak lamang natin, hindi ito imposible basta namamalayan natin na tayo ay may sarili, mga Pilipinong akong-nagiisip, gumagawa at gumagalaw, dumadanas at bumababad sa karanasan, at nakikipagkapwa sa daigdig na nakasasapok sa atin mula sa kalagayang at kinatatayuan.

## Konklusyon: Ang Pangarap na Kasarinlan sa Pilosopiyang Pilipino

Naging masalimuot ang ating pilosopikal na paglalakbay sa papel na ito. Nagsimula tayo sa pagpapatunay na mayroong sarili. Matapos nito, sinubukan nating malaman kung ano ba itong sarili upang paigtingin ang pagkameron nito. Itinulay natin ang ating pangarap na pagkamit ng kasarinlang bilang sangkap din sa kaganapan ng pilosopiyang atin. Maaaring sa puntong ito nababakas na ng ating isip kung ano ang kasarinlang itinutulak ng papel na nakatayo sa pundasyong inilatag ni Mercado at Agra.

Nagsisimula ang pagkamit ng kasarinlang ito sa pagmamalay ng hindi pagiging sarili sa sariling konteksto at katayuan buhat ng patuloy na pagigiit sa atin ng mga kolonyal na kapangyarihan ng mga hegemonyang ideolohiya. Ang pagmamalay na ito ang simulain sa pagpansin ng hindi pagka-angkop ng kanluraning pag-iisip sa ating sariling paraan ng pag-iisip, pagmamalay, at pagdanas. Tinutulak tayo nito patungo sa pagkakalag mula sa mga panlabas na kapangyarihan na pilit inihahabi ang kanilang patakaran sa ating sariling patakaran. Kasabay ng pagkakalag ang pagpapanibagong-tatag ng mga konsepto at balangkas na maaari pa ring mabakas ang potensya nitong umangkop sa ating adhikain na sumarili. Kaya ang kasarinlang ito sa pilosopiyang Pilipino ay binubuo ng tatlong paggalaw at patunguhan: (1) ang kalayaan mula sa panggigiit ng banyagang kaisipan; (2) ang pagapapanibagong-tatag ng mga konsepto at balangkas upang magmula na ito sa pagdanas ng Pilipino; (3) at ang pagpapalinaw ng ating pagkilala sa pagmemeron ng pilosopiyang Pilipino na umuugnay sa ating pagiging sarili.

Ang ikatlong patunguhan ang hudyat ng pag-usbong ng kaganapan ng kasarinlan at ng pagmemeron ng pilosopiyang Pilipino. Hindi hiwalay na penomena ang kaganapan ng dalawang ito dahil tanging sa kalagayan ng kasarinlan lamang makikilala natin ang pagkasarili, ang katangi-tanging pagkakilanlan ng isang pilosopiyang Pilipino. Maaaring makita ang epekto ng pagkiling sa kanluraning pag-iisip sa pilosopiyang Pilipino sa mga akda ng ilang palaisip na itinatanggi ang kameronan nito. Tanging sa pagkalas lamang sa kanluraning pag-iisip magkakaroon ng puwang sa isip ng palaisip ang posibilidad at kameronan ng isang pilosopiyang Pilipino. Ngunit hindi natin sinasabi na kailangang humiwalay ng buong-buo mula sa kanluraning pag-iisip. Mahalaga pa rin ang pakikipagdayalogo at pagbabad sa mga pilosopiyang Kunlarinin ngunit sa ating pagsasagawa nito, pagkakataon dapat na

[49] Gripaldo, *Filipino Philosophy*, 24.

[50] Roque Ferriols, "A Memoir of Six Years," *Philippine Studies* 22, no. 3/4 (1974): 339, https://www.jstor.org/stable/42634877.

© TALISIK

Volume X, Issue no.1
ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC-ND

maunawaan natin ang mga banyagang balangkas mula sa ating sariling katayuan, pinanggagalingan, at karanasan. Ang puntong ito sa buhay ng isang Pilipino palaisip marahil ang indibidwal na pag-usbong ng pagkakasarinlan at pagmemeron ng pilosopiyang Pilipino.

Batid ko na kulang pa rin ang mga talatang aking isinulat tungkol sa kung ano ang sarili, kasarinlan, at dekolonisyasyon kahit nagmula pa ang maraming mga ideya sa mayayamang batis ng dalawang Pilipinong pantas. Hindi ko masasabi na nadalumat ko na ang kabuuan ng kanilang konsepto. At maaaring marami pang katanungan ang tumatakbo sa iyong isipan lalo't higit hindi natin nasagot kung meron nga bang pilosopiyang Pilipino.

Ang ganitong pagwawakas ay isang paanyaya. Sa wika ni Ferriols, "Kapag nasabi na ang lahat ng masasabi, ang pinakamahalaga ay hindi masasabi. Magagawa lamang. Mauunawaan lamang ng kaloobang mapagkawanggawa. At kapag nagawa na, makikitang bagay lamang itapon o igatong ang lahat ng sinabi."[51] Halina, lundagin at danasin ang mundo at makilahok sa dekolonisasyon ng Pilipinong kaisipan upang tagpuin ng sarili ang kasarinlan ng pilosopiyang nagmemeron.

## Rekomendasyon

Nasabi ko na ang lahat ng aking maaaring sabihin ngunit alam ko marami pa ring masasabi. Hangad ko na marami pang palaisip na Pilipino ang bumabad sa sarili. Marami pang paraan upang mapatunayan na holistiko at laging patungo sa kapwa ang sarili. Hindi rin masyadong nasisid ng papel na ito ang kailaliman ng loob ng sarili at kung paano ito nagmemeron sa sarili. Mamulat nawa ang maraming Pilipinong pilosopo, lalo ang mga nasa antas ng kolehiyo, na hindi lamang ang pagsasalin ng mga banyagang pilosopiya o ang pakikipagdayalogo sa kanluran at ibang pilosopiyang silanganin ang tanging mabubungang gawaing pilosopikal. Kailangan nating bawiin ang ating mga sariling pagpapahalaga at galugarin ang ating mga batis dahil wala tayong ibang aasahan na gagawa nito kung 'di tayong mga Pilipinong palaisip.

---

[51] Ferriols, *Pambungad Sa Metapisika*, 23.

© TALISIK

Volume X, Issue no.1
ISSN 2362-9452
(cc) BY-NC-ND

## Bibliography

Abenes, Rodrigo, and Jerwin Mahaguay. "Dekolonisasyon Para Sa Diwang Pilipino Ni Emerita S. Quito: Isang Pagpupugay." *Kritike* 11, no. 2 (2017): 1–27. doi:10.25138/11.2.a1.

Abulad, Romualdo. "Doing Philosophy in the Philippines towards a More Responsive Philosophy for the 21st Century." *Suri* 5, no. 1 (2015): 1–20. http://suri.pap73.org/issue6/Abulad_SURI_2016.pdf.

Agra, Kelly. "Critical Theory and the Philippine Condition: A Decolonial and Feminist Contention." *Brown Transgressions*, June 8, 2023. https://www.browntransgressions.com/post/critical-theory-and-the-philippine-condition-a-decolonial-and-feminist-contention .

Alejo, Albert. *Tao Po! Tuloy!: Isang Landas Ng Pag-Unawa Sa Loob Ng Tao*. E-book. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2015.

Cleofas, Jacklyn A. "Konsepto at Pag-Asa Ayon Kay Ferriols." *Perspectives in the Arts and Humanities Asia* 5 (2015): 21-40. doi:10.13185/ap2015.05102.

De Leon, Emmanuel. "Ang Diskurso Ng Katarungan Ayon Kay Agustin Martin Rodriguez." *Kritike* 8, no. 2 (December 2014): 233–46. doi:10.25138/8.2.b.1.

———. "Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya Ni Roque J. Ferriols, S.J.: Tungo Sa Isang Kritikal Na Pamimilosopiyang Filipino." *Kritike* 9, no. 2 (December 2015): 28–50. doi:10.25138/9.2.a.3.

De Leon, Emmanuel C. "Leonardo N. Mercado (1935--): Eksplorasyon Sa Mga Sangkap Ng Pilosopiyang Filipino Lampas Sa Tradisyonal Na Uri Ng Pamimilosopiya Sa Pilipinas." *Malay* 30, no. 2 (January 2018): 55-80. https://ejournals.ph/article.php?id=14185.

Esmaquel, Paterno R., II. "Father Roque Ferriols, Pioneer of Philosophy in Filipino, Dies at 96." *Rappler*, February 25, 2022. https://www.rappler.com/nation/jesuit-priest-father-roque-ferriols-dies-august-15-2021/.

Ferriols, Roque. "A Memoir of Six Years." *Philippine Studies* 22, no. 3/4 (1974): 338–345. https://www.jstor.org/stable/42634877.

———. *Pambungad Sa Metapisika*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press - BlueBooks, 2014.

Gripaldo, Rolando. *Filipino Philosophy: A Western Tradition in an Eastern Setting. The Making of a Filipino Philosopher and Other Essays*. Manila: National Book Store, 2008.

Mercado, Leonardo N. *Elements of Filipino Philosophy*. Laoag City: Divine Word University Publications, 1974.

———. *Essays on Filipino Philosophy*. Manila: Logos Publications, 2005.

———. *Explorations in Filipino Philosophy*. Manila: Logos Publications, 2009.

———. "Reflections on Buut-Loob-Nakem." *Philippine Studies* 20, no. 4 (1972): 577–601. https://www.jstor.org/stable/42634841.


BY-NC-ND

———. *The Filipino Mind*. USA: The Council for Research in Values and Philosophy, 1994.

Pariñas, Noel. "Filipino Philosophy?" *Academia Letters*, 2021. doi:10.20935/al422.

Radiamoda, Rohaiba B. "Understanding Corruption In Education In A Neoliberal World: The Case Of The Philippines." *Interaktif: Jurnal Ilmu-Ilmu Sosial* 10, no. 2 (December 2018): 230–246. https://interaktif.ub.ac.id/index.php/interaktif/article/download/183/172.


(cc) BY-NC-ND